PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 36 NOVEMBER 1 - 7, 2021 10.00




# BHWs sa Cavite City nakatanggap ng tulong mula sa mga Cayetano

**Pinuri ng dating House Speaker Alan Peter Cayetano nitong Miyerkules ang mga Barangay Health Workers (BHWs), Barangay Nutrition Scholars (BNS), at Daycare Workers (DCWs) at binigyang-diin na dapat silang bigyan ng sapat na benepisyo at suporta mula sa pamahalaan.**

"May dala kaming konting gift pack, 'yan po ay just to recognize the work that you've done. Gusto ko po malaman ninyo na we value you," sinabi ni Cayetano sa isang handover event ng grocery packs para sa mga 109 na benepisyaryo mula sa Cavite City noong Oktubre 27, 2021.

Kabilang sa mga benepisyaryo ang 69 barangay health workers, 28 barangay nutrition scholars, at 12 daycare workers.

Kasama ng dating Speaker si Taguig 2nd District Rep. Lani Cayetano at Cavite 1st District Rep. Francis Gerald "Boy Blue" Abaya.

"Tuloy-tuloy ang tulong ni former Speaker...pinansyal, medikal, negosyo hanggang infrastructure, hindi po niya pinabayaan ang unang distrito [at ang iba pang lugar sa Cavite]," wika ni Abaya na taos-pusong nagpapasalamat sa mga Cayetano.

Panawagan para sa maayos na polisiya

Maaalalang naghain ang mga Cayetano kasama ang kanilang mga kaalyado sa Balik sa Tamang Serbisyo (BTS) sa Kongreso noong Agosto 31, 2021 ng House Bill No. 10112 na naglalayong bigyan ng benepisyo ang mga BHW bilang job-order, kontraktwal, o regular na empleyado kumpara sa kanilang kasalukuyang allowance-basis set-up.

"Kung mag-aayos ang gobyerno at mabubuting tao ang ilalagay natin sa gobyerno, sa Mandanas ruling po P300-billion po ang mapupunta na additional sa local government," sabi ni Cayetano ukol sa implementasyon ng Mandanas-Garcia ruling ng Korte Suprema.

Inamin ni Cayetano ang kanyang pagkadismaya sa mentalidad ng ilang mga lider na binibitawan ang kanilang mga prinsipyo makuha lamang ang pabor ng mga tao.

"Dati, parang given na mabuti kang tao [kapag ikaw ay tumakbo]...Parang bumaligtad na ang mundo sa'tin. Noong araw, pag sinabing prinsipyo, y'un ang importante," sabi niya.

Sabi rin ni Cayetano na kung mayroong maayos na prinsipyo ang mga lokal na pamahalaan, ito ang magiging gabay nila sa pagdedesisyon ng kanilang mga prayoridad, tulad na lamang Taguig.

"Ngayon po sa Taguig, pagpasok mo sa eskwelahan, libre na ang sapatos, and uniporme nakatahi na, bag, notebook, pati po prom libre lahat," ika niya.####



Cong. Alan Peter Cayetano nag handog ng Ayuda sa mga BHWs ng Silang Cavite sa kanyang kaarawan








ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com

## MATA AT PANINGIN: PAANO AALAGAAN?

**Payo ni Doc Willie Ong**

Huwag nating pabayaan ang ating mata. Puwede rin itong magkasakit at masira kapag tayo'y maging pabaya. Para makaiwas sa mga seryosong sakit tulad ng glaucoma, diabetic eye disease at katarata, sundin ang mga payong ito.

1. Kumain ng pagkaing mabuti sa mata. Ang maberdeng gulay tulad ng kangkong, broccoli, camote tops (talbos) at spinach, ay nagpapalinaw ng ating paningin. Siyempre ang mapupulang karot, kalabasa at kamatis (3 K's) ay may taglay na vitamin A para sa mata. Ang dilaw na pakwan ay may sangkap na lutein na kailangan din ng mata. Ang pagkain ng matatabang isda tulad ng tuna, tamban at tanigi (3 T's) ay mahalaga din.

2. Magsuot ng sunglass. Bukod sa pagiging sosyal at "in," pinoprotektahan ng sunglass ang ating mata laban sa masasamang ultraviolet rays ng araw. Ang ultraviolet rays (UV rays) ay puwedeng "makasunog" sa looban ng ating mata (ang retina). Bumili ng sunglass na may markang UV-A at UV-B protection.

3. Mag-ehersisyo. Alam ba ninyo na ang 30 minutos na ehersisyo ay puwedeng magpababa ng pressure ng mata? Ang paghinga ng malalim at pag-relaks ay makatutulong din sa sakit na glaucoma, kung saan mataas ang pressure ng mata.

4. Mag-ingat sa sports. Puwedeng magsuot ng espesyal na protection eyeglasses, na nabibili sa mga sports shops. Gawa ito sa polycarbonate, isang uri ng matigas na plastic. Nakita mo ba ang mga NBA players na may suot ng salamin? Ito'y para protektahan ang kanilang mata.

5. Maghugas maigi ng kamay. Para makaiwas sa sore eyes, maghugas palagi ng kamay. Huwag ding basta-bastang magkamot o punasan ang mata. Gumamit ng panyo o tissue.

6. Ipahinga ang mata. Puwede mong ipikit ang mata habang ika'y nakasakay sa kotse o kaya ay may kinakausap sa telepono. Matulog din ng 7-8 oras.

7. Mag-hugas ng mata sa paggising at bago matulog. Gumamit lang ng malinis na tubig.

8. Ipa-check ang iyong blood sugar. Kung ika'y may diabetes, malaki ang tsansang magkaroon ng diabetic eye disease. Siguraduhin mababa ang iyong blood sugar sa pamamagitan ng ehersisyo at gamot.

## DEMOLISYON SA ILIGAL NA FISH CAGES SA CAVITE, BABAKLASIN SIMULA NOBYEMBRE 4

Naglabas ng huling babala nitong Lunes ang isang multi agency team na binubuo ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), Philippine Coast Guard-Cavite at Philippine National Police maritime group ukol sa demolisyon sa mga iligal na sapras sa darating na Nobyembre 4, 5 at 6.

"We encourage the owners of such structures to carry out self-clearing or voluntary removal of their respective structures before November 4 or the scheduled clearing operation," pahayag ni DENR Undersecretary Benny Antiporda sa isang interbyu.


Dagdag pa ni Antiporda, kung mismong ang mga may-ari ang magaalis ng kanilang nga istruktura ay magagamit pa nila ang kanilang mga materyales sa ibang bagay.

"Regarding sa baklad (fish traps) and tahungan (mussel growth pens), they need to secure permits [from] their respective LGUs in Bacoor, Noveleta, Kawit and Cavite City to be legal," dagdag pa niya.

Ang demolisyon ay alinsunod sa utos ng Korte




Suprema na linisin, magsagawa ng rehabilitasyon, at panatilihin ang kalidad ng tubig sa Manila Bay.



# EDITORIAL

## Comelec, inutz na sa premature campaigning?

Bago pa ang filing ng certificate of candidacy (COC) noong Oktubre 1, marami nang kandidato ang simpleng nangangampanya at hindi ito napapansin ng Commission on Election (Comelec). Mas nauna pa ang kampanyahan kaysa filing ng COC. Kahit sa vaccination centers, lantaran na ang pangangampanya ng mga balak tumakbo. May mga nagpapakain ng lugaw sa mga babakunahan, may nagbibigay ng pamaypay at mineral water na naka-balandra ang pangalan at iba pang mga bagay na pang-akit sa botante. Ito ay simpleng paraan ng pa-ngangampanya. Itinatatak na nila sa isipan ng mga tao o botante ang kanilang pangalan. Mas ma-agang magpakilala, matatandaan ang kanilang pangalan.


Pero ang mga ganitong premature campaigning- ay napansin ng poll watchdog Kontra Daya at tina-ta-wagan nito ang Comelec- na kumilos para naman matigil ang ganitong gawain na mahigpit na pinagbabawal sa ilalim ng election code. Dapat daw gumawa ng hakbang ang Comelec sa mga gumagawa ng electioneering na lantarang paglabag sa batas.

Ayon kay Kontra Daya convenor Danilo Arao, nararapat nang umaksiyon ang Comelec at hindi dapat magpatali sa legal na teknikalidad ng batas. Inihalimbawa ni Arao ang ginagawang motorcades at iba pang mass gatherings ng mga kandidato na maituturing nang pasok sa electioneering. Ayon kay Arao, patuloy silang magmamatyag at magbabantay sa ginagawang premature campaigning lalo na kung ang ginagamit na pondo ay galing sa kaban ng bayan o pondo ng pamahalaan.

Nararapat maawat ang maagang pangangam-panya ng mga pulitiko. Pero paano ito magagawa kung wala namang kumikilos sa Comelec. Sa kasalukuyan, namumutiktik na sa campaign posters ng kandidato ang mga pader, poste at mga dingding pero walang pumapansin. Pati mga punongkahoy ay hindi pinatatawad at nagmistulang Christmas Tree na sa dami ng mga nakasabit na campaign posters.


***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.








PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## PH crimes drop by almost 50% in last 5 years

MANILA – The Philippine National Police (PNP) reported that the total number of crimes in the country dropped by almost 50 percent over the past 63 months since July 2016.

In a statement on Thursday night, PNP chief, Gen. Guillermo Eleazar said this data is indicated in the National Crime Environment Report derived from the Crime Information Reporting and Analysis System (CIRAS), an electronic crime analytic tool that captures blotter entries and incident reports from all police units and offices across the country.

The data showed that from 2.67 million crimes reported from 2010 to 2015, it went down by 49.6 percent to only 1.36 million from 2016 to September this year.

The data also showed a 67.76 percent decline in index crimes recorded over the same period.

The biggest decline in crimes was posted in Mindanao at 53.81 percent, with 48.42 percent and 45.30 percent in Luzon and Visayas, respectively.

The police force's ability to solve cases also increased for the past five years, which resulted in a Crime Solution Efficiency (CSE) rating of 78.62 percent, a significant increase from the 40.27 percent CSE during the previous five years.

From a total of 1.15 million index crimes from 2010 to 2015, the country has recorded only 373,378 cases from 2016 to September this year.

The same report showed that crime against persons dipped by 64.68 percent, while crime against property declined by 69.91 percent.

Theft, physical injury, and robbery are the three most prevalent crime types during the previous and present five-year periods.

Incidents of physical injury showed an 80.13 percent drop while homicide cases decreased by 55.31 percent.

Robberies, thefts, and vehicle thefts fell by 71.72 percent, 70.85, and 55.46 percent, respectively.

"All these marked improvements in the overall crime picture translate to better security outlook among our people and further adds to upbeat investor confidence that spur economic growth despite the ongoing health crisis," Eleazar said. (PNA)

## Suit seeking implementation of ban on plastics filed before SC

MANILA – A petition seeking to compel government action to ban non-biodegradable and recycle plastics was filed before the Supreme Court (SC) on Wednesday.

In a 101-page suit, the petitioners led by Oceana Philippines, Inc. and Sergio Osmeña III sought a writ of kalikasan and a writ of continuing mandamus for the full implementation of a 21-year-old law, Republic Act 9003 or the Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

The groups urged the SC to hand down a writ to among other things, immediately prohibit commercial establishments, warehouses and manufacturers from selling, conveying, distributing and using disposable plastics, plastic products that contain Bisphenol-A (commonly known as BPA), phthalates, and other known endocrine disrupting chemicals.

The petitioners also sought to prohibit plastic products that contain listed persistent organic pollutants under the Stockholm Convention and plastic products that are not reusable, biodegradable or compostable, not recyclable and are toxic or hazardous to the environment.

Nominal respondents include the National Solid Waste Management Commission (NSWMC) and other offices.

The groups said the continued non-implementation of RA 9003 through the decades has allowed the unabated emission of millions of tons of plastic waste into every part of the archipelago.

"The United Nations Environment Programme and the World Economic Forum estimate that the world's oceans will contain more plastic than fish by 2050," the group said.

FamilyMart

Jollibee

## GUHIT NG KAPALARAN

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Kumpleto ang iyong bakuna, kaya mararating ang lugar na kailangan puntahan. Iwasan lang ang magdala ng maraming gamit. Maging alerto at huwag magpapalipas ng gutom para ma-enjoy ang lahat. Lucky numbers at color for the day ang 27, 29, 47, 31, 52 at vanilla brown.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Walang puwang ang pagkakamali sa'yo. Pero huwag kalimutan, walang perpekto. Hindi pa huli para mag-sorry. Lucky numbers at color for the day ang 37, 22, 56, 41, 55 at emerald green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang katapatan sa sarili at kapwa ang magiging panangalang sa pa-saway sa paligid. Kalma lang. Lucky numbers at color for the day ang 15, 48, 33, 56, 41 at carrot orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Happy ka ngayon dahil tanggap ng mga supling ang new love mo. Magsisimula ng bagong negosyo. Lucky numbers at color for the day ang 38, 21, 15, 43, 55 at mustard yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Alam mo ngayon na ikaw ang nagpasiya sa iyong reality, kaya feel mo na mangyayari ang inaasahan. Lucky numbers at color for the day ang 28, 38, 16, 28, 56 at fire red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Nasa regular practice ka ng oracion meditation. Kaya naman hindi nakakapagtaka na matamo mo ang inner guide. Lucky numbers at color for the day ang 15, 38, 28, 46, 54 at cobalt blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Matatanggap ang surprise money. May bagong makikilala na magbibigay ng opportunity sa negosyo. Lucky numbers at color for the day ang 47, 32, 52, 18, 22 at dollar green.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Merong politician na makikilala. Mag-ingat sa pagsasalita at tiyakin na hindi ka kokompromiso sa kanya. Lucky numbers at color for theday ang 17, 28, 53, 37, 45 at sapphire blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Lalagda ka ng contract, ito ay magpapatuloy sa pagbubukas ng negosyo. Ipa-feng shui ang lugar. Lucky numbers at color for the day ang 47, 22, 55, 39, 16, at shocking pink.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Panalo ka sa contract, dahil exclusive ang makukuha mo. Mag-ikapu upang tuloy-tuloy ang biyaya. Lucky numbers at color for the day ang 22, 15, 36, 48, 55 at tangerine.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Panalo ka sa right of way. Kaya walang magiging hadlang sa on-going consruction. Magpa-feng shui. Lucky numbers at color for the day ang 15, 37, 26, 58, 45 at amethyst violet.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Palawak nang palawak ang iyong influence, kaya naman increasing din ang gustong mapalapit sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 16, 43, 31, 55, 33 at ruby red.

## P500-M HALAGA NG SMUGGLED GOODS, NASAKOTE SA CAVITE

Iniulat ng Bureau of Customs-Port of Manila (BOC-POM) nitong Huwebes ang pagkakasamsam ng hindi bababa sa P500 milyong halaga ng mga smuggled goods sa isang warehouse sa Cavite.

Sa isang pahayag, sinabi ng bureau na natuklasan ang mga kalakal sa isinagawang inspeksyon sa isang warehouse na matatagpuan sa 9172 Antero Soriano Highway, Barangay Mulawin sa bayan ng Tanza noong Miyerkules.



Armado ng letter of authority (LOA) na inisyu ni Commissioner Rey Leonardo Guerrero, natagpuan ng mga tauhan ng POM's Customs Intelligence and Investigation Service Field Office (CIIS) at Enforcement and Security Service (ESS) ang iba't ibang Chinese food items at beverages, at maging mga medical protective mask sa loob ng bodega.

Natuklasan din nila ang mga pekeng produkto na may mga signature brand tulad ng Jordan, Nike, Crocs, at Havaianas, bukod sa iba pa.

Napag-alaman na ang mga produkto ay ipinamahagi sa lokal ng isang grupo ng mga Chinese na pinamumunuan ng nina Anna Ty at Willy Zhang.

Kasama rin sa inspection team ang mga miyembro ng Philippine Coast Guard at National Bureau of Investigation.

Ang karagdagang imbestigasyon ay isinasagawa para sa posibleng pagsasampa ng mga kaso laban kina Ty at Zhang para sa paglabag sa Section 1114 ng Republic Act 10863 o ang Customs Modernization and Tariff Act.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 36 NOVEMBER 1 - 7, 2021 10.00

## PAGBIBIGAY NG SUBSIDIYA SA MGA TSUPER NG PUVs, IKINOKONSIDERA NG PAMAHALAAN

Inilalatag na ng pamahalaan ang planong pamimigay ng ayudang nagkakahalaga ng kabuuang P1-bilyon para sa mga public utility vehicle drivers bunsod ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis.

Ayon sa Development Budget Coordination Committee (DBCC) nitong nagdaang Lunes, ang naturang subsidiya ay ipapamahagi sa ilalim ng Pantawid Pasada Program ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB).

Magugunitang sunod sunod na linggo ang pagtaas ng presyo ng langis dahilan upang humirit ng dagdag pasahe ang ilang mga tsuper.

Sa hiwalay na pahayag, sinabi ng Department of Transportation na magkakaloob rin ang pamahalaan ng 'fuel subsidies' sa mga tsuper at padadaanin ito sa kanilang mga Landbank cash cards.

Dagdag pa ng ahensya, target umano nilang ipamahagi ang naturang subsidiya bago matapos ang taong 2021.

Samantala, sinabi naman ng Presidente ng Samahang Manibela at Nagkaisang Terminal ng Transportayson na si Mar Valbuea, hindi umano sasapat ang P1-bilyon na kabuuang badyet upang matugunan kanilang gastusin sa gasolina.

"Kulang na kulang, hindi naman natin sinasabi na bigyan ng bigyan, baka may magawa silang ibang paraan katulad ng pag-suspend ng excise tax on fuel sa TRAIN Law at 'yung 12% VAT," pahayag ni Valbuena.

## MGA BAGONG TREN PARA SA CAVITE LRT EXTENSION PROJECT, DUMATING NA

Dumating na sa bansa ang mga bagong tren para sa isinasagawang Light Rail Transit (LRT) line 1 Cavite Extension Project nitong Lunes, Oktubre 25.

Ang mga naturang bagon ay kasalukuyang nasa depot ng LRT-1 sa Pasay City. Kasama ang mga ito sa 30 brand new fourth generation train sets mula sa mga bansang Spain at Mexico.



Batay sa mga naunang ulat, ang mga bagong tren ay gumagamit ng mga modernong makinarya na mayroong digitalize signaling system para sa mas ligtas na pagbyahe.

## ARMY, NAVY, MAGKASAMANG NAGSANAY SA CAVITE


Nagsagawa ng isang araw na pagsasanay ang ilang mga tauhan ng Philippine Army at Philippine Navy na kabilang sa combat engineering units sa Marine Base Gregorio Lim, Ternate, Cavite, kamakailan.




Ang grupo ay binubuo ng mga sundalo mula sa Philippine Army's 525th Engineer Combat Battalion at Philippine Navy's 3rd Naval Combat Engineer Battalion, ayon kay Philippine Army Spokesperson Col. Xerxes Trinidad.

Sa naturang training, partikular nilang sinanay ang fundamentals of explosive demolition, katulad ng individual priming of explosives, confidence explosives firing gamit ang electric and non-electric system, obstacle breaching, emplacement of wire entanglement, at single and multiple room clearing.

Ipinaliwanag naman ni Army Chief Lt. Gen. Andres C Centino na mahalaga ng ganitong joint training para sa seguridad ng bansa sa pagharap sa mga banta.




## LALAKING WANTED SA LOOB NG 9 NA TAON, ARESTADO SA SILANG

Inaresto ng mga operatiba ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group Cavite ang isang lalaki na siyam na taon na palang hinahanap sa Camarines Sur.

Sa ulat ng Saksi nitong Lunes, naaresto ng Cavite police si Ronald Ramos, 39, security guard, sa isang operasyon sa bayan ng Silang. Nakuha mula sa suspek ang isang kalibre .45 na may anim na bala.

Batay sa mga awtoridad, ang suspek ay may mga kasong robbery at frustrated homicide noong 2012 sa Camarines Sur.

"Natakasan niya po 'yong jail guard niya. He went into hiding somewhere in Canlubang for nine years," ani CIDG-Cavite provincial officer Police Lieutenant Colonel Benedict Poblete.

Sinabi naman ng suspek na nakatakas siya nang utusan siya ng kanyang jail guard na bumili ng alak.

"Pagkatapos ng hearing, nagyaya na mag-inuman kami noong jail guard... Tapos inutusan akong bumili ng alak tapos hindi na ako bumalik," pahayag ni Ronald Ramos. Ayon sa Camarines Sur Police, inalis na sa puwesto ang naturang jail guard.

## KAWIT LGU, NAGPAKABIT NG SOLAR POWERED STREET LIGHT SA CENTENNIAL ROAD

Sa isang Facebook post, ibinahagi ni Kawit Mayor Angelo Aguinaldo ang pagkukusa ng kanilang LGU sa pagpapakabit ng street lights sa kahabaan ng Centennial Road.

Ipinaliwanag niya na ang naturang proyekto ay hindi sakop ng kanilang lokal na pamahalaan ngunit dahil sa mga hinaing ng mga kababayan ay minabuti na umano nilang aksyunan ito.

"Naririnig po natin ang hinaing ng ating mga kababayan sa kadiliman ng Centennial Road kaya naman inaksyunan na natin ito para na rin sa kaligtasan ng mga motorista at pedestrian," aniya sa Facebook post.

"Kinusa na natin ito imbis na maghintay sa pagkilos ng mga tao at opisyales na may responsibilidad umaksyon para sa problemang ito na matagal na nagdudulot ng panglaw sa kawit."

"Hindi po talaga sa munisipyo ang responsibilidad ng paglalagay ng ilaw sa mga national road, ngunit dahil matagal na natin itong itinutulak sa kongreso at wala pa ring nangyayari, tayo na po ang umaksyon upang maisakatuparan ang proyektong ito."



Masaya namang ibinahagi ng alkalde na ang mga naturang ilaw ay solar powered at eco-friendly.

## SAN MIGUEL, PINAG-IISIPAN ANG PAGGAWA NG SEMICON HUB SA CAVITE

Ibinahagi ng San Miguel Corp nitong Martes, ang kanilang balak na pagpapatayo ng hub sa Cavite para sa pagmamanupaktura ng semiconductor at electronic device.

"We confirm that San Miguel Corp is contemplating to submit a proposal for the establishment of an export processing zone in the Province of Cavite for the manufacturing of semiconductors and essential components of electronic devices," pahayag ng SMC sa stock exchange.

Ang tugon ay mula sa isang ulat ng Inquirer kung saan binanggit ang impormasyon na mula kay SMC president at COO Ramon Ang.

Bukod sa posibleng pakikikipagtulungan sa iba pang mga kumpanya ng semiconductor, wala ng iba pang binanggit ang SMC.

Samantala, ang San Miguel ay kasalukuyang nagtatayo ng New Manila International Airport sa Bulacan at nakakuha na rin ng pag-apruba para sa kontrobersyal na Pasig River Expressway (PAREX).